

~ Alamin nating mabuti ang Japan ~

Isyu sa Oktubre 2023

Mga Paksa

Alamin natin ang pana-panahong kagandahan sa pamamagitan ng man-ga "Ang Halloween sa Japan"

◇Nagtanong kami sa teknikal intern trainee! Ang buhay sa Japan

◇Alam mo ba ang kultura ng Japanese noodles?

Kokugo no mori "Ibuod sa pangungusap"

ALAMIN NATIN ANG PANA-PANAHONG KAGANDAHAN SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

— Ang Halloween sa Japan —



Magsaya tayong lahat sa Halloween!

Orihinal na isang kaganapan sa ibang bansa, sa panahong ito, ang Halloween ay sikat na sikat na rin sa Japan. Ine-enjoy ang party sa pamamagitan ng pagbibihis bilang isang cute na multo, prinsesa, o sikat na karakter sa anime.

Habang sinusunod ang tamang manners, bakit hindi rin kayo magsaya at i-enjoy ang halloween?

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English). Ang bersyon ng Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon ng wikang banyaga ay maaaring tingnan sa format na PDF mula sa website ng JITCO sa inyong smartphone. Mangyaring gamitin ito. (<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)



Nagtanong kami sa teknikal intern trainee! Ang buhay sa Japan

Anong uri ng buhay mayroon ang iba pang mga teknikal intern trainee?

Nakapanayam namin si THIDA LWIN (25 taong gulang), isang teknikal intern trainee na naninirahan sa Kyoto Prefecture.

Pangalan : THIDA LWIN

Lugar ng kapanganakan : Myanmar

Nilalaman ng training : Care worker

Kailan dumating : 3 taon na ang nakaraan

Pagpapakilala sa sarili: May masayahin akong personalidad at lagi kong pinapasaya ang mga taong sa paligid ko.



監理団体：大阪人材開発事業協同組合
実習先：医療法人社団 医聖会 学研都市病院

◆Mangyaring sabihin sa amin kung ano ang nagbunsod sa iyo upang pumunta sa Japan. Gayundin, nagkaroon ba ng pagkakaiba sa impresyon mo sa Japan bago at pagkatapos ka makapunta rito?

Pumunta ako sa Japan dahil gusto kong makaipon ng pera at dahil mahilig ako sa Japanese anime. Bago ako dumating dito, noong nanonood ako ng TV tungkol sa Japan, nakita ko na masigla ito, puno ng mga tao, at lahat ng tao ay nagtatrabaho nang husto. Ang tinitirhan kong lugar ay kakaunti ang mga tao, at ang mga tao ay tahimik at seryoso sa kanilang trabaho.

◆Ano ang ilan sa mga bagay na bumabagabag sa iyo tungkol sa paninirahan sa Japan?

Kahit saan ako tumingin, puro mga kanji characters lang at wala akong ideya kung ano ang nakasulat. Mahirap pa rin, ngunit nag-aaral ako sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga bagay na hindi ko maintindihan, pag-search sa aking smartphone, at pagbabasa ng mga libro. Isa pa, noong gusto kong magluto ng Myanmar food, nahirapan akong maghanap ng mga sangkap at seasonings ng Myanmar. Ngayon ay nakaka-order ako sa Internet nito mula sa isang Myanmar shop.

◆ Ano ang paborito mong pagkaing Japanese? Sa kabilang banda, mayroon ka bang anumang bagay na talagang hindi mo makakain? At nakayanan mo na bang kainin ito?

Ang mga paborito kong pagkain ay sushi at okonomiyaki. Ang hinding-hindi ko makakain ay natto. Medyo nakakain naman na ako ng wasabi. Nagustuhan ko na rin ang wasabi na kinakain kasama ng sushi.



◆Mangyaring sabihin sa amin kung ano ang higit na nagpahanga sa iyo nang pumunta ka sa Japan.

Ang higit na nagpahanga sa akin ay ang snow. Mayroon din namang winter sa Myanmar pero sa bayan namin ay hindi umuulan ng snow.

◆ Paano ka nag-aral ng salitang Hapon?

Araw-araw akong nagsusulat ng kanji at nagbabasa ng libro. Nanonood ako ng Japanese anime at mga drama, at pagkatapos medyo naiintindihan ko na ang paggamit ng salita. Epektibo rin para sa pagsasanay ang pakikinig.

◆ Ano ang iyong mga pangarap para sa hinaharap?

Ang pangarap ko ay ma-certify bilang care worker at makapagtrabaho sa Japan sa mahabang panahon.

◆Ano ang ginagawa mo sa mga araw na wala kang pasok? Mangyaring sabihin kung paano ka nagre-refresh.

Sa mga araw na walang pasok, ginugugol ko ang aking oras sa pamimili, pagluluto, at paglilinis ng aking kuwarto. Paminsan-minsan, nagbibisikleta ako at pumupunta sa park.

◆Isang salita para sa mga junior teknikal intern trainee!

文化も違うですから 困る事も 悩む事もあるけれど 楽しい事もあるから 辞めずに日本語を勉強に頑張りますよ



Nagbebenta ang JITCO ng living guidance book "Nihon Seikatsu Guide", na nasa labing-tatlong wika para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan. Maaari rin ninyong subukang basahin ito sa JITCO teaching materials online shop, kaya mangyari lamang na i-check ninyo ang site.

🌐 <https://onlineshop.iitco.or.jp/shopdetail/000000000233>



Alam mo ba ang kultura ng "Japanese noodles"?

Mayroong iba't ibang uri ng "noodles" sa buong mundo. Marami sa inyo ay malamang na pamilyar sa mga pagkaing noodles sa inyong sariling bansa. Sikat na sikat ang mga noodles sa Japan, at hindi lamang sa restaurant mo siya makakain, maaari mo ring lutuin ang mga ito sa bahay. Ang udon, "soba," at "ramen" ay mga tipikal na Japanese noodle dish na naiisip, ngunit depende sa rehiyon, may iba't ibang lasa at sangkap sa dipping sauce, pati na rin ang mga pagkakaiba sa katigasan at kapal ng noodles. Sa malamig na winter, gusto ng mga tao ang mainit na miso ramen at nabeyaki udon upang magpainit sa kanila, at sa tag-araw na kapag ang init ay nakakawala ng ganang kumain, mas gusto nila ang noodles na malamig tulad ng zaru soba at somen. Gayundin, depende sa rehiyon, ang iba't ibang lokal na noodles ay sikat bilang "hometown taste".

Kapag kumakain ng noodles, maraming Japanese ang kinakaing pahigop ang kanilang noodles habang gumagawa ng slurping sound. Maaari kang mabigla kapag narinig mo ang tunog sa unang pagkakataon. Sa maraming bansa at kultura, itinuturing na hindi magandang manner ang gumawa ng ingay o tunog habang kumakain. Mayroong ilang mga

teorya, ngunit ang isa rito ay, sa pamamagitan ng pag-slurp ng noodles at pag-suck ng air, ang aroma ay kumakalat sa iyong bibig at ang lasa ay nagiging mas malinaw daw. Malamang na mararamdaman ito kapag kumakain ng soba. Gayundin, ang mga noodles ay lumalabsa kapag nagtatagal at nawawala ang kanilang pagkalastiko. Sabi nila, kaya pahigop ang kain ng noodles, ay upang makain ito ng masarap at mabilis

Subukan ninyong maghanap ng mga lokal na noodles sa lugar kung saan ka nakatira. At doon, subukan ninyo na kumain ng noodles na pahigop.



Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)



Teknikal intern trainee - Larawan ng buwang ito



Mga teknikal intern trainee na Indonesian na nagtatrabaho sa mga nursing home ay pumunta sa Disneyland sa unang pagkakataon.

Sa kasamaang palad, umuulan noong araw na iyon, ngunit naging masaya kami. Dahil dito, magsusumikap akong muli!

※2023年6月投稿 (ケアサポート瑞穂)

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Sa JITCO, ginanap ang "31th Japanese Essay Contest para sa mga Technical Intern Trainees at Trainees", at ang mga nanalo ay inihayag sa website ng JITCO. Magpo-post kami ng koleksyon ng mga mahuhusay na gawa, kaya mangyaring tingnan ito.



Gabay sa mga consultation counter

Kapag namroblema...? (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training), maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng "Mga salitang Hapon sa site" at "Technical Intern Training Handbook".



◆ここごとたえの例

強い風がぼうしをふきとばした。

夜中、やねの上で、ねがなっていた。

ぼくは、弟のたん生日に、おり紙の金メダルをあげた。

文は、主語と述語で成り立ちます。まず、主語と述語を確かめましょう。

(1)は、「ふきとばした」のは「風」です。

(2)の「夜中」には、「に」をつけてもつけなくてもいいでしょう。「夜中」が、時を表しているからです。

(3)では、「誕生日」は、ぼく、弟のどちらか分かりません。決め手は、「あげた」です。「弟がぼくにあげた」とは言いません。

Ang pangungusap ay binubuo ng simuno at panaguri. Una, kilalanin natin ang paksa at panaguri. Para sa (1), ang "tangay ng hangin" (ふきとばした) ay "hangin"

(かぜ) at ang "tinangay ng hangin" (ふきとばされた) ay "sumbrero" (ぼうし). Sa (2), "yonaka" (よなか), maaari kang magdagdag ng "ni" (に) o kahit hindi na. Ito ay dahil ang "yonaka" ay kumakatawan sa oras. Sa (3), hindi alam kung ang may "kaarawan" (誕生日) ba ay ako (ぼく) o kapatid (弟) ko. Ang magpapasyang kadahilanan ay "nagbigay" (あげた). Hindi maaaring sabihin na, "Nagbigay ito sa akin ng kapatid ko" (弟がぼくにあげた)

とも

2023年10月 秋季号

2023年10月1日発行

発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

電話

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

JITCO ホームページ

<https://www.jitco.or.jp/>